



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Oktubre 15, 2026

Sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punong Guro ng mga sumusunod na Paaralan
1. Calumpit National High School 4. Guiguinto NVHS
2. Dr. Felipe De Jesus NHS 5. Bajet-Castillo HS
3. San Roque National High School
Pansangay na Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators

Ang parangal para sa mga nagwagi sa Gintong Kabataan Awards (GKA) 2026 ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay isasagawa sa Oktubre 23, 2026 (Biyernes), sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa The Pavilion, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Capitol Compound, Guinhawa, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito sa liham na ipinadala ng Panlalawigang Tanggapan sa Pagpapaunlad ng Kabataan at Isports sa pamumuno ni Abgdo. Nikki Manuel S. Coronel ay hinihiling na magpadala ng dalawampung (20) mag-aaral na mga opisyaes ng Supreme Student Learner Government (SSLG) at Youth for Environment in Schools Organization (YES-O) upang masaksihan ang kanilang mga kapwa kabataan na nagtagumpay sa iba't-ibang larangan.

Hinihiling na tupdin ang mga sumusunod na paalala para sa mga mag-aaral na dadalo:

- 1.) Nakasuot ng school uniform at ID;
- 2.) Mayroong kasamang isang (1) gurong tagapayo
- 3.) Boluntaryo ang pagsama at mayroong parents/guardians' consent; at
- 4.) Magkaroon ng service vehicle para sa pagpunta at pag-uwi.

Ang liham na ito ang magsisilbing travel authority ng mga dadalong mag-aaral, gurong tagapayo at Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators sa nabanggit na gawain.

Ang gastusin para sa pamasahe/service vehicle sa pagdalo ay maaaring kunin mula sa school/canteen funds na sasailalim sa tamang pagtututos at pag-audit.

Para sa kabatiran, gabay at kaukulang pagtalima.


CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI
Tagapamanihala ng mga Paaralan 

LIHAM PANSANGAY
Blg. 115 s. 2026